INOCENCIO SCHOOL Montessori Playschool
INOCENCIO INTEGRATED SCHOOL
"That every child finds joy and love for learning."
#1080 Dona Andrea I Subd., Bernal St. Rosario, Pasig City
Contact nos.: 6407337 / 6402009

**UNANG MARKAHANG PAGSASANAY**
**ARALING PANLIPUNAN 7**
**Inihanda ni: Mr. Darwin M. Dominguez**

**Pangalan:** ________________________________ **Marka:** __________/ **50**
**Taon at Antas:** ____________________________ **Petsa:** ______________

**I. Piliin ang tamang sagot sa kahon, isulat ang sagot sa linya bago ang bawat bilang.**

| | | |
|---|---|---|
| Ilog | Bulkan | Arkepelago |
| Talampas | Batis | Bulkan |
| Bukal | Lambak | Golpo |
| Pulo | Golpo | Bedouin |
| Kipot | Tangway | Kontinente |

__________________1. Isang mababang lugar sa pagitan ng mga burol or mga bundok, karaniwan na may ilog na dumadaloy dito.

__________________2. Malawak na katubigan na karugtong ng dagat at napalilibutan ng lupaan

__________________3. Anyo ng tubig na sumusulpot mula sa mga siwang ng bato

__________________4. Anyong-lupa na makitid at mahaba na nakaungos sa katubigan o anyong-tubig,

__________________5. Isang makitid na anyong tubig na nagdurugtong sa malaking anyong tubig

__________________6. Isang bundok na bumubukas pababa sa pool ng tunaw o nalusaw na bato sa ilalim ng ibabaw ng Lupa.

__________________7. Isang anyong tubig na may patuloy na agos sa pinanggagalingan nito.

__________________8. Ito ang lupang dalata o patag na itaas ng bundok, na kilala rin bilang pantayanin, bakood, at bakoor.

__________________9. Ito ay anyong tubig na dumadaloy mula sa mataas na lugar tulad ng bundok at pababa ito sa lawa o dagat o sumasanib sa masmalaking ilog.

__________________10. Isang bahagi ng lupa na higit na maliit sa kontinente at higit na malaki sa bato na napaliligiran ng tubig.

__________________11. Ang mga pangkat ng magkadikit na mga isla ay tinatawag na.

__________________12. Anyong lupa na bukas sa ibabaw kung saan dumadaloy ang mga mainit at tinunaw na bato o lava.

__________________13. Higit na malaki sa look, malapit sa lupa at daungan, himpilan ng sasakyang pandagat.

__________________14. Ang salitang ito ay nagmula sa salitang Arabe na "Badawi" na nangangahulugang "nakatira sa disyerto" o sa mga nasa disyerto.

__________________15. Pinakamalaking masa ng lupa sa ibabaw ng daigdig. Ito ay malawak na lupain may sukat na milyong kilometro quadrado

**II. Tama o Mali**

**Isulat ang salitang "ASU" kung tama ang sinasaad sa pangungusap, at saliang "EREB" naman kung mali.**

____________16. Tinatawag din na "Middle Asia"ang Kanlurang Asya

____________17. Ang talampas, na kung minsang tinatawag ding mesa ay ang kapatagan sa tuktok ng isang bundok

____________18. Ang salitang "EUROPA" ay galing sa salitang AEGEAN na "EREB" na nangangahulugang Silangan

____________19. Ang kapatagan sa heograpiya ay mahaba, patag at malawak na anyong lupa.

____________20. Ang Silangang Asya ay ang rehiyon na may pinakamataas na populasyon sa daigdig, na umaabot sa 1.7 billion

____________21. Ang dagat ay isang malaking lawas ng tubig-alat na nakadugtong sa isang karagatan

____________22. Ural Mountains at Ural River ang hangganan ng Asya sa Kanluran

____________23. Ang Asya ay nagmula sa salitang AEGEAN na "ASU" na nangangahulugang Kanluran

____________24. Arctic Ocean ang hangganan ng Asya sa Hilaga

____________25. Tinatawag din na Southwest Asia o Middle East ang Hilagang Asya

____________26. Ang "flexibility" ay ang kakayahang makaangkop sa anumang pagbabago sa kapaligiran o lipunan.

____________27. Ang lawa ay may dalawang uri maalat at matabang

____________28. Ang look ay isang anyong-tubig na nagsisilbing daungan ng mga barko at iba pang sasakyang-pandagat.

____________29. Ang batis ay isang anyong tubig na may patuloy na agos sa pinanggagalingan nito.

____________30. Ang kipot ay Isang makitid na anyong tubig na nagdurugtong sa malaking anyong tubig